# Isumbong ang mga Pang-aabuso sa Trabaho

Sinisiguro ng USCIS na tumulong sa pagprotekta ng mga karapatan ng mga dayuhang manggagawa sa Estados Unidos. May iba't ibang mga online na mapagkukunan ng kaalaman na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan at mga isyu ng mga manggagawa:

- Mga Karapatan at Proteksyon para sa mga Pagsamantalang Manggagawa (Kagawaran ng Estado)
- Pamplet na "Alamin ang Iyong mga Karapatan" (PDF) (Kagawaran ng Estado)
- Dibisyon ng Sahod at Oras (Kagawaran ng Paggawa)
- Batas para sa Proteksyon ng Migrante at Pana-panahong Manggagawa sa Agrikultura (MSPA) (Kagawaran ng Paggawa)
- Mga isyu ng kaligtasan sa lugar ng pinagtratrabuhan (Kagawaran ng Paggawa)
- Mga batas at mga isyu sa paggawa (usa.gov)

Upang isumbong ang pangkalahatang pandaraya sa imigrasyon, pakitingnan ang pahina sa Paglaban sa Pandaraya at Pang-aabuso sa Ibang mga Programa ng Benepisyo ng Imigrasyon at magpadala ng email sa: ReportFraudTips@uscis.dhs.gov

Maaari ka ring makahanap ng impormasyon tungkol sa pangangalakal ng tao sa ilalim ng pahinang ito.

Kung ikaw ay nasa kagyat na panganib at andito sa U.S., **tumawag sa 911** upang makausap ang pulisya. Sabihin sa kanila ang emergency, ang iyong lokasyon, at ang numero ng telepono kung saan ka tumatawag. Humingi ng interpreter kung hindi ka nagsasalita ng Ingles.

Kung wala ka sa kagyat na panganib, maaari mong isumbong ang mga hindi etikal o kaya iligal na gawain sa pamamagitan ng pagtawag sa mga libreng tawag na mga numero o pagbisita sa mga sumusunod na mga webpage.

## Isumbong ang mga Pandaraya o Pang-aabuso ng mga Nagpepetisyon sa Pamamagitan ng mga Programang Base sa Pag-empleyo

- ### Mga Serbisyo para sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (USCIS)

  Ang USCIS ay may mga webpage at mga email address na sadyang para sa paglaban sa mga hinihinalang pandaraya o pang-aabuso sa H-1B at H-2B. Sino man, maging mga Amerikano o dayuhang manggagawa na may hinalang sila o ang ibang mga tao ay

posibleng biktima ng pandaraya o pang-aabuso, ay maaaring mag-email sa USCIS upang magbigay ng mga tip, mga hinihilalaang paglabag sa batas, at iba pang kaugnayang impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagsumbong sa mga pinaghihinalaang pandaraya sa H-1B at H-2B, pakitingnan ang mga sumusunod na mga webpage ng USCIS.

Paglaban sa Pandaraya at Pang-aabuso sa Programang H-1B Visa

Email: ReportH1BAbuse@uscis.dhs.gov

Paglaban sa Pandaraya at Pang-aabuso sa Programang H-2B Visa

Email: ReportH2BAbuse@uscis.dhs.gov

- **Kagawaran ng Paggawa ng U.S., Dibisyon ng Sahod at Oras (DOL/WHD)**

  Itinataguyod ng DOL ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa paggawa upang maprotektahan at mapabuti ang kapakanan ng mga manggagawa sa Estados Unidos, kasali na ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa trabaho at mga proteksiyon sa mga manggagawa sa ilang mga programa sa pag-empleyo ng mga dayuhang manggagawa.

  Libreng tawag numero ng telepono: 1-866-487-9243 (TDD para sa mga bingi at hirap sa pandinig: 1-877-889-5627) Ang tulong ay makukuha sa maraming wika sa pamamagitan ng mga live na tagapagsalin.

  Paano Magsampa ng Reklamo

  Para mag-sumbong ng mga hinihinalang paglabag sa H-1B ng isang amo, gamitin ang Form WH-4.

- **Kagawaran ng Hustisya ng U.S., Seksyon para sa mga Karapatan ng mga Migrante at mga Manggagawa (DOJ/IER)**

  Pinapatupad ng IER ang probisyon sa anti-diskriminasyon ng Batas sa Imigrasyon at Nasyonalidad (INA), 8 U.S.C. § 1324b. Ang mga regulasyon para sa batas na ito ay maaaring mahanap sa 28 Koda ng Pederal na mga Regulasyon (CFR) ika- 44 na bahagi. Ipinagbabawal ng batas na ito ang:

  - Diskriminasyon sa katayuan ng pagka-mamamayan sa pag-empleyo, pagtanggal sa trabaho, pag-rekrut, o pag-refer nang may bayad;
  - Diskriminasyon sa pinanggalingang bansa sa pag-empleyo, pagtanggal sa trabaho, pag-rekrut, o pag-refer nang may bayad;
  - Hindi patas na mga gawain sa pagdokumento sa panahong nagpapatunay ng pagiging karapat-dapat sa pag-empleyo (Form I-9 at E-Verify); at
  - Pagganti o Pananakot.

Libreng hotline para sa mga manggagawa: 1-800-255-7688 (TDD 1-800-237-2515). Ang tulong ay makukuha sa maraming wika sa pamamagitan ng mga live na tagapagsalin.

Pagsampa ng Paratang sa IER

Email: ier@usdoj.gov

- **Pagpapatupad ng Imigrasyon at Mga Kustom ng U.S., Imbestigasyon para sa Seguridad ng Bansa (ICE/HSI)**

  Ang stratehiya ng ICE para sa pagpapatupad ng batas sa lugar ng trabaho ay nakatuon sa kriminal na pagsasakdal ng mga among sadyang tumatanggap ng mga indibidwal na hindi awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos. Gumagamit din ang ICE ng pagsisiyasat sa mga I-9 at mga multang sibil upang itaguyod ang pagsunod sa batas. Ang pagpapatupad ng imbestigasyon sa lugar ng trabaho ay madalas na may kasangkot na mga malulubhang paglabag sa mga batas kriminal ng mga amo at malawak na pang-aabuso. Ang mga kasong ganito ay madalas na may kasangkot na karagdagang paglabag sa batas kagaya ng pagpupuslit ng mga dayuhan, pagpapatira ng mga dayuhan, pandaraya sa mga dokumento o ibang uri ng pandaraya, money laundering, at pagsasamantala ng mga manggagawa. Iniimbestigahan din ng ICE ang mga among gumagamit ng puwersa, pagbabanta, o pamimilit (halimbawa, pagbabantang ipa-deport ang mga empleyado) upang panatilihing hindi isusumbong ng mga hindi awtorisadong mga dayuhang manggagawa ang tungkol sa sahod na wala sa pamantayan o mga kondisyon sa trabaho.

  Libreng tawag numero ng telepono: 1-866-347-2423 sa U.S. at Canada. Ang tulong ay makukuha sa Ingles at Español.

  Online na Tip Form para sa HSI

- **Komisyon para sa Patas na Pagkakataon na Matanggap sa Trabaho (EEOC)**

  Ipinapatupad ng EEOC ang mga batas pederal na nagbabawal sa diskriminasyon sa pagtrabaho. Pinoprotektahan ka ng mga batas na ito laban sa diskriminasyon sa pagtrabaho kung ito ay sumasangkot ng:

  - Hindi makatarungang pagtrato dahil sa iyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kasali na ang pagbubuntis, kinikilalang kasarian, at sekswal na oryentasyon), bansang pinanggalingan, edad (40 o mas matanda pa), kapansanan, o genetikong impormasyon;
  - Panliligalig sa iyo ng iyong mga tagapamahala, katrabaho, o iba pang mga tao sa iyong pinagtratrabahuhan dahil sa iyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kasali na ang pagbubuntis, kinikilalang kasarian, at sekswal na oryentasyon), bansang pinanggalingan, edad (40 o mas matanda pa), kapansanan, or genetikong impormasyon;

- Pagtanggi sa makatwirang akomodasyon sa iyong pinagtratrabahuhan dahil sa iyong pangrelihiyong paniniwala o kapansanan; at
- Pagganti sa iyo dahil nagreklamo ka tungkol sa diskriminasyon sa iyong trabaho o tumulong sa imbestigasyon o kaso tungkol sa diskriminasyon.

  Libreng tawag numero ng telepono: 1-800-669-4000 (TDD 1-800-669-6820). Ang tulong ay makukuha sa maraming wika sa pamamagitan ng mga live na tagapagsalin.

  Paano Magsampa ng Paratang na Diskriminasyon
  Email: info@eeoc.gov

- **Pambansang Lupon ng Relasyon sa Trabaho (NLRB)**

  Ang NLRB ay isang may kasarinlang pederal na ahensya na ginawaran ng kapangyarihang protektahan ang mga karapatan ng mga empleyadong mag-organisa at magdesisyon kung magbuo ng mga unyon na siyang kanilang magiging kinatawan sa pakikipagkasunduan. Kumikilos din ang ahensya sa pagpigil at paglunas ng mga hindi makatarungang mga pamamaraang ginagawa ng mga amo at mga unyon sa pribadong sektor.

  Libreng tawag numero ng telepono: 1-844-762-NLRB (6572)

# Pangangalakal ng Tao

Ang pangangalakal ng tao ay nagsasangkot ng paggamit ng puwersa, pandaraya, o pamimilit upang makakuha ng ilang uri ng trabaho o komersyal na pakikipagtalik. Ang pangangalakal ng tao, kilala din sa tawag na trafficking in persons, ay isang uri ng pang-aalipin sa modernong panahon kung saan ang mga nangangalakal o trafficker ay umaakit ng mga indibidwal gamit ang mga pekeng pangako ng trabaho at ng mas maunlad na buhay.

Kung ikaw ay minamaltrato sa Estados Unidos, tawagan ang Pambansang Numerong Matatawagan para sa Pagpupuslit ng Tao sa 1-888-373-7888 o itext ang “HELP” o “INFO” sa 233733 (BeFree). Maaari kang magbigay ng tip sa website ng NHTRC sa https://traffickingresourcecenter.org/report-trafficking

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa itsura ng pangangalakal ng tao, paano magsumbong ng hinihinalang pangangalakal ng tao, at kung sino ang maaaring matawagan para sa tulong kung naniniwala kang ikaw o ang iyong kakilala ay biktima ng pangangalakal ng tao, pumunta sa:

- **Asul na Kampanya ng Kagawaran ng Seguridad ng Bansa (DHS)**

  Ang Asul na Kampanya ay ang pinagsamang boses para sa pagsisikap ng DHS na labanan ang pangangalakal ng tao. Sa pakikipagtulungan sa mga nagpapatupad ng batas, gobyerno, mga di-gobyerno at pribadong organisasyon, sinisikap ng Asul na

Kampanya na protektahan ang pangunahing karapatan sa kalayaan at ihatid sa hustisya ang mga  nagsasamantala sa buhay ng tao.

Iba’t ibang materyales ang makukuha sa maraming wika sa online na Aklatan ng mga Dokumento ng Asul na Kampanya.

- ## Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon (FBI)

Ang programa para sa Karapatang Sibil ng FBI ay umiimbestiga ng mga pangyayaring may kaugnayan sa pangangalakal ng tao at hindi boluntaryong paninilbihan. Kasali dito ang mga sitwasyong ang tao ay pinilit na sumangkot sa komersyal na pakikipagtalik gamit ang puwersa, pandaraya, o pamimilit, o gumawa ng ano mang trabaho o serbisyo sa pamamagitan ng puwersa, pamimilit, or pananakot ng batas o ligal na proseso.

Kadalasan, ang mga kaso ng pangangalakal ng tao ay nasa ilalim ng mga sumusunod na bahagi ng imbestigasyon:

- *Pangangalakal ng Pakikipagtalik ng mga May-Edad sa Loob ng Bansa:* Kapag ang isang tao ay pinilit na sumangkot sa komersyal na pakikipagtalik gamit ang puwersa, pandaraya, at/ o pamimilit.
- Ang Seksyon ng FBI para sa Marahas na Krimen Laban sa mga Bata ang humahawak sa mga lokal na mga isyu ng pangangalakal ng pakikipagtalik sa mga kabataan.
- *Pangangalakal ng Pakikipagtalik ng mga May-Edad at Batang Dayuhan:* Kapag ang mga may-edad at batang dayuhan ay pinilit na sumangkot sa komersyal na pakikipagtalik nang may koneksyon sa Estados Unidos gamit ang puwersa, pandaraya, at/o pamimilit.
- *Sapilitang Pagtrabaho:* Kapag ang isang tao, kasali na ang mga dayuhan, ay pinilit na magtrabaho sa isang serbisyo o industriya sa pamamagitan ng puwersa o pamimilit. Kasali dito ang pang-aalipin sa bahay para sa mga pamilya o mga tahanan sa pamamagitan ng puwersa o pamimilit.

Basahin ang  Tulong para sa mga Biktima ng Pangangalakal ng Tao (PDF) na pulyeto ng FBI para sa karagdagang impormasyon.

Libreng tawag na numero ng telepono: 1-800-225-5324. Ang tulong ay makukuha sa Ingles at Español, o maaari mong gamitin ang  Online na Porma para sa Tip sa FBI

Huling Sinuri/ In-update: 12/21/2018